IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# PAGSUSURI SA EPEKTIBONG PAMAMARAAN SA PAGTUTURO NG PAGBASA SA WIKANG FILIPINO

Cherry Mae L. Pain, MAEd, Dr. Cristina P. Calisang, Dr Felipe B. Sullera Jr., Shem Don C. Fabila, MAEd

*Junob National High School-Division of Dumaguete, Metro Dumaguete College, Foundation University, Division of Negros Oriental, Kagawasan Avenue Dumaguete City*

## ABSTRACT

Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang antas ng paggamit ng mga guro sa iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa tulad ng paggamit ng phonics instruction, pagtatanong, ginabayang pagbasa, sama-samang pagbabasa, pagtuturo ng mga bagong salita, at peer tutoring. Gumamit ang pag-aaral ng deskriptib-korelasyonal na disenyo sa pamamagitan ng validated sarbey-kwestyoneyr. Ang mga kalahok ay binubuo ng tatlumpung (30) guro at apat na raan at limampung (450) mag-aaral mula sa pitong Junior High School sa Dibisiyon ng Dumaguete. Ginamit ang mean, standard deviation, chisquare test, at Spearman rank-order correlation upang masuri ang mga datos. Batay sa resulta, lumabas na napakataas ang antas ng paggamit ng mga guro sa lahat ng estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa batay sa pananaw ng mga guro at ng mga magaaral. Ipinakita rin ng Phil-IRI performans na karamihan sa mga mag-aaral ay kabilang sa Independent Readers at kaunti lamang ang napabilang sa Frustration at Non-Readers. Natuklasan din na may signifikant na ugnayan sa pagitan ng lahat ng estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at ang Phil-IRI performans ng mga mag-aaral. Samantala, lumabas na walang signifikant na ugnayan ang karamihan sa mga baryabol sa profayl ng guro maliban sa edukasyong natapos na nagkaroon ng signifikant na ugnayan kaugnay sa paggamit ng peer tutoring. Sa kabuoan, napatunayan ng pag-aaral na ang epektibong paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay mahalagang salik sa pagpapataas ng performans sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Mga Susing Salita**: *phonics instruction, pagtatanong, ginabayang pagbasa, samasamang pagbabasa, bagong salita, at peer tutoring, Phil-IRI performans*

## INTRODUKSIYON

Ang pagbasa ay itinuturing bilang pundamental na kakayahan sapagkat ito ang nagsisilbing batayan ng pagkatuto sa lahat ng larangan ng edukasyon. Sa pandaigdigang konteksto, nananatiling isang seryosong suliranin ang mababang antas ng kakayahang bumasa ng mga mag-aaral sa iba't ibang bansa, lalo na sa mga bansang may hamon sa kalidad ng edukasyon. Ayon sa ulat ng World Bank (2024), patuloy na lumalala ang tinatawag na learning poverty ng maraming bansa, kung saan milyon-milyong batang may edad sampung taong gulang ang hindi nakababasa at nakauunawa ng simpleng teksto.

Ipinapakita nito na ang kahinaan sa pagbasa ay hindi lamang suliraning pang-akademiko kundi isang pandaigdigang hamon na may direktang epekto sa kalidad ng pagkatuto at pangmatagalang pag-unlad ng tao. Kaugnay nito, ipinakita sa pag-aaral nina Bernardo at Mante-Estacio (2023) na may mahalagang papel ang metakognitibong kakayahan sa pagpapahusay ng pag-unawa sa binabasa, na nagpapahiwatig na ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay mahalagang salik upang mapabuti ang literasi sa pandaigdigang antas.

Sa konteksto ng Pilipinas, nananatiling hamon ang mababang antas ng literasi sa kabila ng iba't ibang repormang pang-edukasyon, kabilang ang pagpapatupad ng K-12 kurikulum. Batay sa ulat ng World Bank (2024), tinatayang mahigit 90% ng mga batang sampung taong gulang sa Pilipinas ang nakararanas ng kahirapan sa pagbasa at pagunawa sa simpleng teksto, isang malinaw na indikasyon ng malalim na krisis sa literasi sa bansa. Pinatutunayan ito ng pag-aaral nina Nimer at Napil (2024), na nagsasabing maraming guro sa Filipino ang nahaharap sa iba't ibang hamon sa pagpapatupad ng epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, tulad ng kakulangan sa kagamitan, limitadong kasanayan sa teknolohiya, at mababang motibasyon ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Galang (2020) na ang hindi ganap na pag-uugnay ng kurikulum sa aktuwal na karanasan sa pagtuturo at pagkatuto ay isa ring dahilan ng patuloy na mababang kakayahan sa pagbasa. Ipinakita rin nina Esteban et al. (2024) na may kakulangan pa sa digital na integrasyon at pedagohikal na inobasyon sa mga paaralan, na naglilimita sa pagiging epektibo ng pagtuturo ng pagbasa sa wikang Filipino.

Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral hinggil sa pagtuturo ng pagbasa, nananatili pa rin ang ilang mahahalagang puwang na nangangailangan ng masusing pagsusuri. Karamihan sa mga kasalukuyang pananaliksik ay nakatuon sa paggamit ng teknolohiya at gamification bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa (Mangrobang et al., 2025), subalit kakaunti pa rin ang sistematikong pag-aaral na naghahambing sa bisa ng iba't ibang tradisyonal at makabagong pamamaraan tulad ng phonics, whole-language, at multi-sensory approaches sa konteksto ng wikang Filipino. Bukod dito, limitado rin ang mga pag-aaral na nakatuon sa antas ng sekundarya sapagkat mas marami ang tumatalakay sa mga mag-aaral sa elementarya. Hindi rin sapat ang pagsusuri sa iba't ibang dimensyon ng pagbasa gaya ng decoding, bokabularyo, at komprehensyon sa kontekstong Pilipino. Ang mga puwang na ito ay nagpapakita ng pangangailangan para sa mas malalim na pag-aaral.

Dahil sa mga nabanggit na suliranin at kakulangan sa umiiral na literatura, mahalagang pag-aralan ang mga epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng pagbasa sa wikang Filipino upang makatulong sa pagpabubuti ng kalidad ng edukasyon sa bansa. Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang mga estratehiyang may pinakamalaking ambag sa pagpapahusay ng kakayahang bumasa ng mga mag-aaral, partikular sa kontekstong Filipino. Higit pa rito, ang pananaliksik na ito ay may tuwirang kaugnayan sa United Nations Sustainable Development Goal (SDG) 4.1, na naglalayong matiyak na pagsapit ng 2030 ay lahat ng batang babae at lalaki ay makapagtatapos ng libre, patas, at de-kalidad na primarya at sekundaryang edukasyon na nagbubunga ng makabuluhan at epektibong pagkatuto. Mahalaga ang pagbasa bilang pundasyon ng lahat ng pagkatuto; kaya ang pagtukoy sa mga mabisang pamamaraan sa pagtuturo nito ay isang mahalagang hakbang tungo sa pagpapahusay ng kurikulum, pagpapaunlad ng kakayahan ng mga guro, at pagtataas ng kalidad ng edukasyon sa bansa.

## Pagbanggit ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito na may paksang Pagsusuri sa Epektibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Pagbasa sa Wikang Filipino ay naglalayong matuklasan ang mga epektibong pamamaraan ng pagtuturo ng pagbasa gamit ang wikang Filipino bilang pangunahing wika ng pagtuturo.

Tinangka nitong sagutin ang mga sumusunod na tiyak na suliranin:

1. Sa anong antas nagagamit ng mga guro ang sumusunod na pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ayon sa pananaw ng mga guro mismo at ng mga mag-aaral:
    - 1.1. phonics instruction;
    - 1.2. pagtatanong;
    - 1.3. guided reading/ginabayang pagbasa;
    - 1.4. shared reading/ sama-samang pagbabasa;
    - 1.5. vocabulary instruction/pagtuturo ng mga bagong salita; at
    - 1.6. peer-tutoring?
2. Ano ang performans ng mga mag-aaral batay sa resulta ng Phil-IRI Pre-Test?
3. May signifikant na ugnayan ba sa pagitan ng antas ng paggamit ng mga pamamaraan at estratehiya ng pagtuturo sa pagbasa at ang Phil- IRI performans ng mga mag-aaral?
4. May signifikant na ugnayan ba sa pagitan ng sumusunod na profayl ng mga guro at ang antas ng kanilang paggamit sa mga pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo sa pagbasa batay sa:
    - 4.1. edad;
    - 4.2. kasarian;
    - 4.3. ranggo bilang guro;
    - 4.4. edukasyong natapos; at
    - 4.5.mga pagsasanay na dinaluhan kaugnay sa pagtuturo ng pagbasa?

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng pananaliksik

Ang ginamit na disenyo ng pag-aaral na ito ay Deskriptib-korelayonal. Ito ang disenyong ginamit sapagkat inilalarawan nito ang (a) antas na nagagamit ng mga guro ang pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at (b) performans ng mga magaaral batay sa resulta ng Phil-IRI. Ito rin ay korelasyonal dahil tinutukoy rito kung may (a) signifikant na kaugnayan ba sa pagitan ng antas ng paggamit ng mga pamamaraan at estratehiya ng pagtuturo sa pagbasa at ang Phil- IRI performans ng mga mag-aaral at kung may (b) signifikant na kaugnayan ba sa pagitan ng mga profayl ng mga guro at ang antas ng kanilang paggamit sa mga pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo.

### Respondente ng pananaliksik

Ang respondente sa pag-aaral na ito ay mga piling guro sa Filipino at mga piling mag-aaral ng pitong Junior High School mula baitang 7 hanggang 10 sa Dibisiyon ng Dumaguete. Sa bawat respondenteng guro, nagkaroon ng 15 mag-aaral na sumusuri sa mga estratehiyang ginamit ng kanilang mga guro sa asignaturang Filipino. Pinili ang tiglabinlimang (15) mag-aaral bilang sampol na sumusuri sa pamamagitan ng lottery na pamamaraan. Inilagay ang mga pangalan ng mga mag-aaral sa isang kahon at bumunot ng tiglabinlimang (15) mga pangalan. Ito ang ginamit upang maiwasan ang pagiging bias sa pagpili ng mga mag-aaral.

Nasa ibaba ang distribusyon ng mga kasangkot.

| Paaralan | Bilang ng Guro | Bilang ng Mag-aaral |
|---|---|---|
| A | 6 | 90 |
| B | 2 | 30 |
| C | 7 | 105 |
| D | 3 | 45 |
| E | 4 | 60 |
| F | 5 | 75 |
| G | 3 | 45 |
| **Kabuoan** | **30** | **450** |

**Instrumento ng pananaliksik**

Ang pangunahing instrumentong ginamit sa pangangalap ng datos sa pananaliksik na ito ay isang sarbey-kwestyoneyr. Gumamit ang mananaliksik ng sariling-gawang sarbey-kwestyoneyr na dumaan sa proseso ng balidasyon upang matiyak ang pagiging angkop nito sa layunin ng pag-aaral. Mayroong dalawang sarbey-kwestyoneyr na ginamit. Ang una ay sarbey-kwestyoneyr para sa mga piling guro sa Filipino na binubuo ng tatlong bahagi-Bahagi I (Pagpapahayag ng pagsang-ayon); Bahagi II (Profayl ng guro kabilang ang bilang ng mga Pagsasanay) at Bahagi III (Mga tanong na nakatuon sa antas ng paggamit ng mga guro sa iba't ibang pamamaraan o estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino). Samantala, ang ikalawang sarbey-kwestyoneyr naman ay para sa mga piling mag-aaral ng mga respondenteng mag-aaral na binubuo ng tatlong bahagi- Bahagi I (Pagpapahayag ng pagsang-ayon); Bahagi II (Profayl ng mag-aaral kabilang ang kanilang PHIL-IRI Pretest performans) at Bahagi III (Mga karanasan tungkol sa pamamaraan ng pagtuturo ng pagbasa ng mga guro sa Filipino).

Upang matiyak ang balidity (validity) ng instrumento, ang sarbey-kwestyoneyr ay ipinasuri sa mga eksperto na may sapat na kaalaman at kasanayan sa larangan ng pananaliksik at pagtuturo ng Filipino. Matapos ang pagsusuri at mga kinakailangang rebisyon, isinagawa ang isang dry run o pilot testing sa 10 guro na hindi kabilang sa aktuwal na mga respondente ng pag-aaral upang masubok ang relayabiliti (reliability) ng instrumento.

Gamit ang Cronbach's Alpha, napatunayan na ang mga aytem na nakapaloob sa sarbey-kwestyoneyr ay may katanggap-tanggap na antas ng internal consistency, kung saan ang lahat ng bahagi ng instrumento ay nakapagtala ng koepisyent na lampas sa 0.70, na nagpapahiwatig na ang instrumento ay mapagkatiwalaan at angkop gamitin sa pangangalap ng datos para sa pag-aaral na ito. Ang resulta ng pagsusuring ito ay ipinapakita sa talahanayan sa ibaba.

| Dimensyon ng Pamamaraan sa pagtuturo ng Pagbasa | Cronbach's Alpha | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Phonics instruction | 0.844 | Mataas |
| Pagtatanong | 0.891 | Mataas |
| Guided reading Dimensyon ng Pamamaraan | 0.902 | Napakataas |

| sa pagtuturo ng Pagbasa | Cronbach's Alpha | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Shared reading | 0.923 | Napakataas |
| Vocabulary instruction | 0.947 | Napakataas |
| Peer tutoring | 0.955 | Napakataas |

**Pamamaraan ng pananaliksik**

Pagkatapos ng Design Hearing, o Paunang pagsiyasat, ang mananaliksik ay kaniyang sinuri ang lahat ng mga puna, pagwawasto at suwestiyon ng mga panelista. Sa pagsagawa ang pag-aaral, ang liham ng pahintulot ay ipinasa sa Dibisyon ng Dumaguete City. Ang naaprubahan na liham ng pahintulot ay ipapakita ng punong-guro at ng tagapayo ng mga mag-aaral. Ang mananaliksik ay nagpaliwanag sa mga piling guro sa mga layunin at importansiya ng ginawang pag-aaral. Kinuha agad ang kwestyoneyr pagkatapos na masagutan ng mga guro ang binibigay ng mananaliksik. Ang resulta ay inilista gamit ang MS Excel at ibang software upang ito ay suriin at bigyang kahulugan base sa nalikom na mga datos gamit ang mga estadistikang metodo.

## RESULTA

Inilalarawan sa Talaan 1.1 ang antas na nagagamit ng mga guro ang Phonics instruction sa pagtuturo ng pagbasa. Ang resulta ay nagpapakita na napakataas ang antas ng paggamit ng mga guro ng phonics instruction batay sa pananaw ng mga guro (M=4.37) at mga mag-aaral (M=4.50). Ipinakikita nito na malawakang naipatutupad ng mga guro ang phonics instruction bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Sa pananaw ng mga guro, pinakamataas ang mean sa pahayag na "Itinuturo ko ang tamang pagbigkas ng mga tunog bago ko ipabasa ang mga salitang binubuo nito" (M=4.70), na nagpapakita na binibigyang-diin ng mga guro ang wastong pagbigkas bilang pundasyon ng pagbasa. Ang resultang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Lane et al. (2023), na nagsasabing ang epektibong phonics instruction ay nangangailangan ng explicit at systematic na pagtuturo ng phoneme-grapheme correspondence at tamang pagbigkas ng mga tunog, sapagkat ito ang pundasyon ng word recognition at decoding. Ipinakikita nito na ang pagbibigay-diin ng mga guro sa wastong pagbigkas ay isang mahalagang hakbang sa paghubog ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Mataas din ang *mean* ng mga guro sa pahayag hinggil sa pagbibigay ng pagsasanay sa pagkilala ng pantig at tunog (M=4.47) at paggamit ng mga gawaing naguugnay sa tunog at titik (M=4.43). Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral

ni Ehri (2020), na nagbigay-diin na ang *systematic phonics instruction* ay epektibo dahil tinutulungan nito ang mga mag-aaral na maiugnay ang mga tunog (phonemes) sa mga simbolong nakasulat (graphemes), na mahalaga sa *orthographic mapping* at mabilis na pagkilala ng salita.

**Talaan 1.1**

***Antas ng Paggamit ng mga Guro ang Phonics Instruction na Pamamaraan at Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa***

| Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa | Guro (n=30) | | | | Mag-aaral (n=450) | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | x̄ | P | AnP | SD | x̄ | P | AnP | SD |
| 1. Gumagamit ako ng mga gawain na nag-uugnay sa tunog at titik upang mapaunlad ang pagbasa ng mga mag-aaral. | 4.43 | LnS | N | 0.82 | 4.70 | LnS | N | 0.68 |
| 2. Itinuturo ko ang tamang pagbigkas ng mga tunog bago ko ipabasa ang mga salitang binubuo nito. | 4.70 | LnS | N | 0.47 | 4.52 | LnS | N | 0.70 |
| 3. Isinasagawa ko ang mga awitin at larong ponetiko upang malinang ang kamalayan ng mga mag-aaral sa tunog ng wika. | 4.23 | LnS | N | 0.68 | 4.27 | LnS | N | 0.79 |
| 4. Nagbibigay ako ng mga pagsasanay sa pagkilala ng pantig at tunog upang mapaunlad ang kasanayan sa pagde-decode. | 4.47 | LnS | N | 0.68 | 4.51 | LnS | N | 0.70 |
| 5. Naglalaan ako ng oras para sa sistematikong pagtuturo sa ugnayan ng letra at tunog. | 4.03 | S | M | 0.96 | 4.51 | LnS | N | 0.69 |
| Composite | 4.37 | LnS | N | 0.72 | 4.50 | LnS | N | 0.71 |

**Note:** Paglalarawan (P); Antas ng Paggamit (AnP); 4.21–5.00, Lubos na Sumasang-ayon (LnS), Napakataas (N); 3.41–4.20, Sumasang-ayon (S), Mataas (M); 2.61–3.40, Katamtamang Sumang-ayon (KS), Katamtaman (K); 1.81–2.60, Hindi Sumasang-ayon (HS), Mababa (Ma); 1.00–1.80, Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LnHS), Napakababa (Na)

Bagaman nanatiling napakataas ang interpretasyon, pinakamababa naman ang *mean* sa pahayag na "Naglalaan ako ng oras para sa sistematikong pagtuturo sa ugnayan ng letra at tunog" (M=4.03). Ipinahihiwatig nito na bagama't ginagamit ng mga guro ang phonics instruction, maaaring may mga limitasyon sa oras o iskedyul sa mas sistematikong pagtuturo nito. Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Dilgard et al. (2022), na natuklasang ang epektibong pagpapatupad ng phonics instruction ay nakadepende hindi lamang sa paggamit nito kundi pati sa intensity ng intervention, instructional resources, at sapat na oras para sa explicit instruction. Ipinakikita nito na ang kakulangan sa oras ay maaaring makaapekto sa lalim at pagiging sistematiko ng pagtuturo ng phonics.

Sa pananaw naman ng mga mag-aaral, pinakamataas ang mean sa pahayag na "Gumagamit ang kanilang guro ng mga gawain na nag-uugnay sa tunog at titik upang mapaunlad ang pagbasa ng mga mag-aaral" (M=4.70), na nagpapakita na kapansinpansin sa mga mag-aaral ang paggamit ng guro ng mga gawaing tumutulong sa kanilang pagbasa. Ang resultang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Parry et al. (2024), na nagsasabing ang *phonics-based learning activities* na may malinaw na pag-uugnay ng tunog at titik ay nakatutulong sa pagpapabuti ng *decoding* at *literacy skills* ng mga magaaral, lalo na kung ito ay ginagamitan ng *structured* at *guided instruction.* Ipinahihiwatig nito na nakikita at nararanasan ng mga mag-aaral ang aktuwal na paggamit ng phonics activities sa kanilang klase.

Mapapansin din sa resulta na bagama't mataas ang mean rating ng mga guro sa pagtuturo ng tamang bigkas ng mga tunog (M=4.70), bahagyang mas mababa ito sa pananaw ng mga mag-aaral (M=4.52). Ipinahihiwatig nito na maaaring may pagkakaiba sa *self-assessment* ng mga guro at sa aktuwal na nararanasan ng mga mag-aaral. Ang ganitong resulta ay maaaring iugnay sa pag-aaral ni Bowers (2020), na nagsasabing bagaman kinikilala ang halaga ng *phonics instruction,* mahalaga ring suriin ang *actual classroom implementation* at *learner experience* upang matiyak na ang paggamit ng estratehiya ay hindi lamang naipaplano kundi epektibong naisasagawa at nararanasan ng mga mag-aaral.

Ang mababang standard deviation sa bawat pahayag (0.47 hanggang 0.96 sa guro at 0.68 hanggang 0.79 sa mag-aaral) ay nagpapahiwatig ng pagkakatulad ng pananaw ng mga respondenteng guro at mag-aaral hinggil sa paggamit ng *phonics instruction.* Ang resultang ito ay nagpapakita ng *consistency* sa persepsyon ng dalawang grupo. Ito ay sinusuportahan ng mga sentesis na pag-aaral kaugnay sa *phonics instruction* na nagsasabing kapag ang isang estratehiya ay madalas, malinaw, at sistematikong ginagamit, nagiging kapansin-pansin ito hindi lamang sa mga guro kundi maging sa mga mag-aaral bilang bahagi ng kanilang aktuwal na karanasan sa pagkatuto ng pagbasa.

Inilalarawan sa Talaan 1.2 ang antas na nagagamit ng mga guro ng Pagtatanong na paraan sa pagtuturo ng pagbasa. Makikita sa Talaan 1.2 na ang Composite Mean na 4.82 at Standard Deviation na 0.42 ay may deskripsyong Napakataas na antas, na nagpapakita na ang mga guro ay madalas at mahusay na gumagamit ng questioning strategy sa pagtuturo ng pagbasa sa Filipino.

Ipinahihiwatig nito na kinikilala ng mga guro ang kahalagahan ng pagtatanong bilang isang estratehiya upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa tekstong binabasa, mapukaw ang kanilang interes, at malinang ang kanilang kritikal na pag-iisip. Ang resulta ay umaayon sa pag-aaral nina Awawda (2026) na nagsabing ang paggamit ng epektibong *questioning strategies*, partikular ang mga bukas at mas malalalim na tanong, ay nakatutulong upang mapataas ang partisipasyon ng mga mag-aaral at mapalawak ang kanilang kritikal na pag-iisip sa loob ng klase.

**Talaan 1.2**

***Antas ng Paggamit ng mga Guro ang Pagtatanong na Pamamaraan at Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa***

| Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa | Guro (n=30) | | | | Mag-aaral (n=450) | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | x̄ | P | AnP | SD | x̄ | P | AnP | SD |
| 1. Gumagamit ako ng mga tanong upang mapukaw ang interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasang teksto. | 4.83 | LnS | N | 0.38 | 4.39 | LnS | N | 0.76 |
| 2. Nagtatanong ako bago, habang, at pagkatapos ng pagbabasa upang masukat ang kanilang pag-unawa. | 4.87 | LnS | N | 0.43 | 4.39 | LnS | N | 0.77 |
| 3. Iniuugnay ko ang mga tanong sa karanasan ng mga mag-aaral at sa nilalaman ng teksto. | 4.87 | LnS | N | 0.35 | 4.18 | S | M | 0.83 |
| 4. Hinihikayat ko ang mga magaaral na bumuo at magbahagi ng sarili nilang mga tanong. | 4.77 | LnS | N | 0.43 | 4.33 | LnS | N | 0.83 |
| 5. Ginagamit ko ang mga tanong upang malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. | 4.77 | LnS | N | 0.50 | 4.53 | LnS | N | 0.68 |
| Composite | 4.82 | LnS | N | 0.42 | 4.36 | LnS | N | 0.77 |

**Note:** Paglalarawan (P); Antas ng Paggamit (AnP); 4.21–5.00, Lubos na Sumasang-ayon (LnS), Napakataas (N); 3.41–4.20, Sumasang-ayon (S), Mataas (M); 2.61–3.40, Katamtamang Sumang-ayon (KS), Katamtaman (K); 1.81–2.60, Hindi Sumasang-ayon (HS), Mababa (Ma); 1.00–1.80, Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LnHS), Napakababa (Na)

Partikular na makikita na ang mga aytem tulad ng pagtatanong bago, habang, at pagkatapos ng pagbasa, pag-uugnay ng tanong sa personal na karanasan ng mga magaaral at paggamit ng tanong upang mapukaw ang interes at kritikal na pag-iisip ay nagtamo ng mga mean na nasa antas na Napakataas. Ipinakikita nito na ginagamit ng mga guro ang *questioning strategy* hindi lamang bilang simpleng pagtatasa ng pagkatuto kundi bilang isang *pedagogical tool* upang mapalalim ang pagproseso ng impormasyon at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

Katulad ito ng natuklasan nina Sason et al. (2020) na ang *self-generated questioning* ay nakapagpapataas ng *reading comprehension* dahil tinutulungan nitong makabuo ng koneksyon ang mga mag-aaral sa pagitan ng teksto, dating kaalaman, at bagong impormasyon.

Ang mataas ding resulta sa mga aytem na may kinalaman sa *critical thinking* at *inferential questioning* ay nagpapakita na ang mga guro ay gumagamit ng mga tanong na lampas sa literal na pag-unawa. Ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Awawda (2026) na natuklasang ang mga *open-ended* at *referential questions* ay mas epektibo sa pagpapalalim ng diskusyon at sa paglinang ng mas mataas na antas ng pag-iisip ng mga mag-aaral kumpara sa simpleng *recall questions.* Samakatuwid, pinatutunayan ng kasalukuyang resulta na ang *questioning strategy* ay mahalagang sangkap sa epektibong pagtuturo ng pagbasa.

Samantala, pinakamababa naman sa pananaw ng mga mag-aaral ang pahayag na “Iniuugnay ng kanilang mga ang mga tanong sa karanasan ng mga mag-aaral at sa nilalaman ng teksto” na may mean na 4.18 o mataas na antas lamang. Maaaring nangangahulugan ito na may ilang pagkakataong hindi lubos na nararamdaman ng mga mag-aaral ang personal na koneksiyon ng tanong sa kanilang karanasan. Ayon kay Vygotsky (1978), mahalaga ang pag-uugnay ng bagong kaalaman sa dating karanasan upang maging makahulugan ang pagkatuto.

Mapapansin din na may ilang aytem na bagama’t nananatiling nasa antas na Napakataas batay sa pananaw ng mga guro subalit bahagyang mas mababa ang *mean* kumpara sa pananaw ng mga mag-aaral. Maaaring ipahiwatig nito na may ilang aspekto ng *questioning strategy* na nangangailangan pa ng higit na pagpapalakas, lalo na sa paggamit ng mas mataas na antas ng mga tanong na humahamon sa analitikal at mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral na epektibong iugnay ito sa tunay na karanasa ng mga mag-aaral. Ito ay kaugnay ng pag-aaral nina Đỗ at Trang (2020) na nagsabing bagaman malimit gamitin ng mga guro ang *questioning strategy* sa *reading classroom*, marami pa ring tanong ang nakasentro sa *recall* kaysa sa *higher-order thinking* at nalilimitahan nitong iugnay sa bawat kalagayan ng buhay ng mga mag-aaral.

Inilalarawan sa Talaan 1.3 ang antas ng paggamit ng mga guro ng Ginabayang Pagbasa (Guided Reading) bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Batay sa resulta,

lumalabas na napakataas ang antas ng paggamit nito batay sa pananaw ng mga guro (M=4.68) at mga mag-aaral (M=4.38). Ipinahihiwatig nito na ang guided reading ay malawakang ginagamit bilang pangunahing estratehiya upang mapaunlad ang reading comprehension at fluency ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Huang et al. (2023) at de Kleijn (2023), na binigyang-diin na ang *teacherguided instruction* at *feedback-based reading strategies* ay may mataas na epekto sa academic achievement, lalo na sa paglinang ng pag-unawa sa binabasa.

Sa pananaw ng mga guro, pinakamataas ang *mean* sa pahayag na "Gumagamit ako ng mga tanong at talakayan upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa teksto" (M=4.83). Ipinapakita nito na ang *guided reading* ay hindi lamang nakatuon sa pagbasa kundi sa interaktibong pag-unawa sa teksto sa pamamagitan ng tanong at diskusyon. Ito ay umaayon sa pag-aaral ni Wint (2023), na nagsasaad na ang *interactive reading* at *teacher questioning* ay epektibo sa pagpapalalim ng comprehension at sa paglinang ng higher-order thinking skills ng mga mag-aaral.

Mataas din ang mean sa pahayag na "Nagbibigay ako ng agarang puna habang sila ay nagbabasa upang maitama ang pagkakamali" (M=4.70). Ipinahihiwatig nito ang kahalagahan ng immediate feedback sa proseso ng pagbasa upang maiwasto ang errors habang natututo pa ang mag-aaral. Ayon kina Mandouit at Hattie (2023), ang *feedback* ay isa sa pinakamalakas na salik na nakaaapekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na sa pagbasa at pag-unawa sa teksto.

Sa pananaw naman ng mga mag-aaral, pinakamataas ang *mean* sa pahayag na "Nagbibigay ang guro ng agarang puna habang sila ay nagbabasa upang maitama ang pagkakamali" (M=4.57). Ipinapakita nito na malinaw sa mga mag-aaral ang presensya ng gabay at suporta ng guro habang sila ay nagbabasa. Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Novita at Arifmiboy (2023), na nagsasaad na ang *guided reading* na may *scaffolding* at *feedback* ay nakapagpapataas ng engagement at reading comprehension ng mga mag-aaral.

**Talaan 1.3**
***Antas ng Paggamit ng mga Guro ang Ginabayang Pagbasa na Pamamaraan at Estratehiya sa Pagtuturo***

| Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa | Guro (n=30) | | | | Mag-aaral (n=450) | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | x̄ | P | AnP | SD | x̄ | P | AnP | SD |
| 1. Pinipili ko ang tekstong babasahin batay sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral. | 4.63 | LnS | N | 0.56 | 4.23 | LnS | N | 0.95 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2. Ginagabayan ko ang mga mag-aaral sa pagbabasa sa maliliit na pangkat. | 4.63 | LnS | N | 0.56 | 4.42 | LnS | N | 0.81 |
| 3. Nagbibigay ako ng agarang puna habang sila ay nagbabasa upang maitama ang pagkakamali. | 4.70 | LnS | N | 0.53 | 4.57 | LnS | N | 0.69 |
| 4. Gumagamit ako ng mga tanong at talakayan upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa teksto. | 4.83 | LnS | N | 0.38 | 4.53 | LnS | N | 0.69 |
| 5. Unti-unti kong binabawasan ang aking paggabay habang natututo ang mga magaaral na magbasa nang mas malaya. | 4.60 | LnS | N | 0.50 | 4.15 | S | M | 0.88 |
| Composite | 4.68 | LnS | N | 0.50 | 4.38 | LnS | N | 0.80 |

**Note:** Paglalarawan (P); Antas ng Paggamit (AnP); 4.21–5.00, Lubos na Sumasang-ayon (LnS), Napakataas (N); 3.41–4.20, Sumasang-ayon (S), Mataas (M); 2.61–3.40, Katamtamang Sumang-ayon (KS), Katamtaman (K); 1.81–2.60, Hindi Sumasang-ayon (HS), Mababa (Ma); 1.00–1.80, Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LnHS), Napakababa (Na)

Samantala, pinakamababa sa pananaw ng mga mag-aaral ang pahayag na "Untiunti na binabawasan ang paggabay habang natututo ang mga mag-aaral na magbasa nang mas malaya" (M=4.15), bagaman ito ay nananatiling nasa mataas na antas. Maaaring ipahiwatig nito na hindi ganap na napapansin ng mga mag-aaral ang proseso ng unti-unting pag-alis ng suporta ng guro. Kaugnay nito, ayon kay Vygotsky (1978), mahalaga ang *scaffolding* at *gradual release of responsibility* upang ang mag-aaral ay maging independiyenteng mambabasa. Sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Allie (2023), na nagsasabing ang Gradual Release of Responsibility Model (I do, We do, You do) ay epektibong estratehiya sa paghubog ng autonomy sa pagkatuto.

Ang mababang *standard deviation* sa pananaw ng mga guro (0.38–0.56) ay nagpapakita ng mataas na pagkakapare-pareho ng kanilang mga sagot, samantalang ang SD ng mga mag-aaral (0.69–0.95) ay nagpapahiwatig ng bahagyang pagkakaiba sa kanilang persepsyon, ngunit nananatiling positibo ang kanilang karanasan sa guided

reading. Ipinapakita nito na ang implementasyon ng *guided reading* ay konsistent sa pananaw ng mga guro at sa karanasan ng mga mag-aaral.

Inilalarawan sa Talaan 1.4 ang antas ng paggamit ng mga guro ng Sama-samang Pagbasa (Shared Reading) bilang pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Batay sa resulta, lumalabas na napakataas ang antas ng paggamit nito batay sa pananaw ng mga guro (M=4.62) at mga mag-aaral (M=4.34), na kapuwa may interpretasyong napakataas na antas. Ipinahihiwatig nito na malawakang ginagamit ng mga guro ang sama-samang pagbabasa bilang estratehiya upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa, bokabularyo, at pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Gibbs at Reed (2021), na natuklasang ang shared reading ay isang epektibong estratehiya sa pagpapalawak ng bokabularyo at *language comprehension* dahil sa aktibong interaksyon ng guro at mag-aaral habang nagbabasa nang sama-sama (Macaruso et al., 2020).

Sa pananaw ng mga guro, pinakamataas ang *mean* sa pahayag na “Humihinto ako paminsan-minsan sa pagbabasa upang ipaliwanag ang mahihirap na salita o konsepto sa binabasang akda” (M=4.77). Ipinapakita nito na binibigyang-halaga ng mga guro ang pagpapaliwanag at *vocabulary support* habang nagbabasa upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral ang teksto. Ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Altamimi at Ogdol (2023) na nagsasabing ang pagpapaliwanag ng guro panahon ng sama-samang pagbabasa (shared reading) ay nagpapalawak ng bokabularyo at komprehensiyon ng mga mag-aaral, lalo na kapag ang guro ay humihinto upang linawin ang mga konsepto habang binabasa ang teksto.

Kasunod nito, mataas din ang mean sa pahayag na “Hinihikayat ko ang mga magaaral na sabayang magbasa o sumabay sa pagbabasa ng piling bahagi ng akda” (M=4.70). Ipinahihiwatig nito na ginagamit ng mga guro ang sabayang pagbasa bilang paraan upang mapataas ang partisipasyon, kumpiyansa, at aktibong paglahok ng mga mag-aaral. Ayon kina Li et al. (2021), ang *interactive read-aloud* at *shared reading strategies* ay may positibong epekto sa komprehensiyon ng mga mag-aaral lalo na kapag ito ay malawakang isinagawa sapagkat pinapalakas nito ang *learner engagement* at aktibong partisipasyon sa proseso ng pagbasa.

**Talaan 1.4**

***Antas ng Paggamit ng mga Guro ang Sama-Samang Pagbabasa na Pamamaraan at Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa***

| Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa | Guro (n=30) | | | | Mag-aaral (n=450) | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | x̄ | P | AnP | SD | x̄ | P | AnP | SD |
| 1. Nagbabasa ako nang malakas sa harap ng klase habang sinusundan ng mga mag-aaral ang pagbabasa ng teksto sa tahimik/ malakas na paraan. | 4.37 | LnS | N | 0.72 | 4.32 | LnS | N | 0.82 |
| 2. Hinihikayat ko ang mga magaaral na sabayang magbasa o sumabay sa pagbabasa ng piling bahagi ng akda. | 4.70 | LnS | N | 0.53 | 4.22 | LnS | N | 0.83 |
| 3. Gumagamit ako ng mga *visual aid* o kagamitan tulad ng malalaking mga libro o projector at tv upang madaling masundan ng mga mag-aaral ang binabasa. | 4.60 | LnS | N | 0.62 | 4.20 | S | M | 0.89 |
| 4. Humihinto ako paminsanminsan sa pagbabasa upang ipaliwanag ang mahihirap na salita o konsepto sa binabasang akda. | 4.77 | LnS | N | 0.50 | 4.51 | LnS | N | 0.80 |
| 5. Isinasagawa ko ang talakayan pagkatapos ng sama-samang pagbabasa upang mapalalim ang pag-unawa ng mga magaaral. | 4.67 | LnS | N | 0.55 | 4.44 | LnS | N | 0.80 |
| Composite | 4.62 | LnS | N | 0.59 | 4.34 | LnS | N | 0.83 |

**Note:** Paglalarawan (P); Antas ng Paggamit (AnP); 4.21–5.00, Lubos na Sumasang-ayon (LnS), Napakataas (N); 3.41–4.20, Sumasang-ayon (S), Mataas (M); 2.61–3.40, Katamtamang Sumang-ayon (KS), Katamtaman (K); 1.81–2.60, Hindi Sumasang-ayon (HS), Mababa (Ma); 1.00–1.80, Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LnHS), Napakababa (Na)

Sa pananaw naman ng mga mag-aaral, pinakamataas ang *mean* sa pahayag na "Humihinto paminsan-minsan sa pagbabasa upang ipaliwanag ang mahihirap na salita o konsepto sa binabasang akda" (M=4.51). Ipinapakita nito na malinaw nilang nararanasan ang suportang ibinibigay ng guro upang higit nilang maunawaan ang binabasang teksto. Ang resultang ito ay naaayon sa pag-aaral nina van der Wilt et al. (2022), na natuklasang ang sama-samang pagbasa na may gabay na tanong at paliwanag ng guro (guided explanation at teacher mediation) ay nagpapataas ng *language competence* at *story*

*comprehension* ng mga mag-aaral. Sumunod dito ang pahayag na "Isinasagawa ang talakayan pagkatapos ng sama-samang pagbabasa upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral" (M=4.44). Ipinahihiwatig nito na mahalaga sa mga mag-aaral ang postreading discussion bilang paraan ng paglinang ng mas malalim na pag-unawa.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Hayati et al. (2022), na nagsasaad na ang pagtatalakay pagkatapos ng sama-samang pagbabasa (shared reading) ay nagpapataas ng mapanuring pag-iisip at nagpapalakas ng komprehensiyon sa pamamahitan ng pagbigay ng panahonsa mga mag-aaral na maikonekta ang mga kaisipan mula sa teksto.

Samantala, pinakamababa naman sa pananaw ng mga mag-aaral ang pahayag na "Gumagamit ng mga *visual aid* o kagamitan tulad ng malalaking libro o projector at TV upang madaling masundan ng mga mag-aaral ang binabasa" (M=4.20), bagaman ito ay nananatiling nasa mataas na antas. Maaaring nangangahulugan ito na bagaman ginagamit ang mga kagamitang panturo, hindi ito palagian o sapat sa lahat ng klase. Ang resultang ito ay may kaugnayan sa pag-aaral nina Wang at Lee (2021), na natuklasang ang paggamit ng *multimedia* at *visual support* sa pagbasa ay nagpapataas ng kakayahan sa bokabularyo at komprehensiyon, ngunit nakadepende ang epekto nito sa *availability* at *consistency* ng paggamit ng mga kagamitang ito.

Ang mababang *standard deviation* sa pananaw ng mga guro (0.50–0.72) ay nagpapakita ng pagkakapare-pareho ng kanilang mga tugon, samantalang ang SD ng mga mag-aaral (0.80–0.89) ay nagpapakita ng bahagyang pagkakaiba sa kanilang persepsyon, ngunit nananatiling positibo ang kanilang pananaw sa paggamit ng *shared reading.* Ayon kina van der Wilt et al. (2022), ang ganitong *pattern* ay karaniwan sa *classroom-based literacy interventions* kung saan konsistent ang pag-implmenta o paggamit ng guro ngunit may kaunting *variability* sa karanasan at pananaw ng mga magaaral dahil sa indibiduwal na pagkakaiba sa pagkatuto.

Inilalarawan sa Talaan 1.5 ang antas ng paggamit ng mga guro ng Pagtuturo ng mga Bagong Salita (Vocabulary Instruction) bilang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Batay sa resulta, makikita na napakataas ang antas ng paggamit nito batay sa pananaw ng mga guro (M = 4.70) at mga mag-aaral (M = 4.32), na kapuwa may interpretasyong napakataas na antas. Ipinahihiwatig nito na ang pagtuturo ng bokabularyo ay isang mahalagang bahagi ng *instruction* sa pagbasa na malawakang naipatutupad sa silidaralan. Ang resultang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Manyaket al. (2020), na nagsasabing ang sistematiko at malawak na *vocabulary instruction* ay may malaking ambag sa *literacy development* at *reading comprehension* ng mga mag-aaral. Gayundin, ipinakita nina McLean et al. (2020) na ang lawak ng bokabularyo ay may direktang kaugnayan sa reading proficiency, kaya mahalagang bahagi ito ng epektibong pagtuturo sa pagbasa.

**Talaan 1.5**

***Antas ng Paggamit ng mga Guro ang Pagtuturo ng mga Bagong Salita na Pamamaraan at Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa***

| Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa | Guro (n=30) | | | | Mag-aaral (n=450) | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | x̄ | P | AnP | SD | x̄ | P | AnP | SD |
| 1. Ipinapakilala ko ang mga bagong salita bago simulan ang pagbabasa ng teksto. | 4.73 | LnS | N | 0.52 | 4.13 | | | 0.85 |
| 2. Ipinaliliwanag ko ang kahulugan ng mga bagong salita gamit ang konteksto at halimbawa. | 4.70 | LnS | N | 0.60 | 4.32 | LnS | N | 0.79 |
| 3. Gumagamit ako ng mga gawaing nagpapalawak ng bokabularyo gaya ng *word mapping, word wall,* o *flashcards.* | 4.43 | LnS | N | 0.68 | 4.34 | LnS | N | 0.83 |
| 4. Hinihikayat ko ang aking mga mag-aaral na gamitin ang mga bagong salita sa kanilang sariling pangungusap. | 4.77 | LnS | N | 0.50 | 4.38 | LnS | N | 0.81 |
| 5. Sinusuri ko nang palagi ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga natutuhang mga salita sa pamamagitan ng talakayan at maikling pagsusulit. | 4.87 | LnS | N | 0.35 | 4.44 | LnS | N | 0.75 |
| Composite | 4.70 | LnS | N | 0.53 | 4.32 | LnS | N | 0.81 |

**Note:** Paglalarawan (P); Antas ng Paggamit (AnP); 4.21–5.00, Lubos na Sumasang-ayon (LnS), Napakataas (N); 3.41–4.20, Sumasang-ayon (S), Mataas (M); 2.61–3.40, Katamtamang Sumang-ayon (KS), Katamtaman (K); 1.81–2.60, Hindi Sumasang-ayon (HS), Mababa (Ma); 1.00–1.80, Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LnHS), Napakababa (Na)

Sa pananaw ng mga guro, pinakamataas ang *mean* sa pahayag na "Sinusuri ko nang palagi ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga natutuhang mga salita sa pamamagitan ng talakayan at maikling pagsusulit" (M = 4.87). Ipinapakita nito na mahalaga sa mga guro ang *formative assessment* upang matiyak ang pagkatuto ng bokabularyo. Sa pananaw naman ng mga mag-aaral, ito rin ang may pinakamataas na *mean* (M = 4.44), na nagpapakita na nararanasan nila ang regular na pagsusuri at

*feedback* sa kanilang pagkatuto. Ang resultang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral ni Prasetyo (2024), na nagsasabing ang *formative assessment* sa *vocabulary instruction* ay mahalaga upang masukat ang mastery ng mga mag-aaral at agarang maituwid ang mga kahinaan sa kanilang pagkatuto.

Kasunod nito, mataas din ang *mean* sa pahayag na "Hinihikayat ko ang aking mga mag-aaral na gamitin ang mga bagong salita sa kanilang sariling pangungusap" (M = 4.77) sa pananaw ng mga guro, habang ito naman ay may *mean* na 4.38 sa pananaw ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na mahalaga sa mga guro ang *productive use of vocabulary*, o ang aktuwal na paggamit ng mga bagong salita sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Ayon kina McLean et al. (2020), ang paggamit ng mga bagong salita sa sariling pangungusap ay nakatutulong sa mas malalim na lexical processing at mas epektibong retention ng bokabularyo, na kalaunan ay nagpapalakas din ng reading comprehension.

Makikita rin sa pananaw ng mga mag-aaral na mataas ang *mean* sa paggamit ng mga estratehiyang tulad ng *word mapping, word wall,* at *flashcards* (M = 4.34). Ipinapakita nito na malawakang ginagamit ang mga biswal at organisadong estratehiya sa klase upang mapalawak ang bokabularyo ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay sinuportahan nina Reynolds et al. (2020), na natuklasang ang paggamit ng *word cards* at iba pang *visual vocabulary tools* ay nagpapataas ng *vocabulary retention* at *reading development* dahil sa paulit-ulit na *exposure* at *semantic organization* ng mga salita.

Samantala, pinakamababa sa pananaw ng mga mag-aaral ang pahayag na "Ipinapakilala ang mga bagong salita bago simulan ang pagbabasa ng teksto" (M = 4.13), bagaman ito ay nananatiling may interpretasyong mataas na antas. Nagpapahiwatig ito na hindi palaging napapansin ng mga mag-aaral ang *pre-teaching* ng *vocabulary* bago magsimula ang talakayan, o kaya ay hindi ito palaging naipapaliwanag nang malinaw ng guro bago ang aktuwal na pagbabasa. Ayon kina Yang at Kim (2020), ang *pre-reading vocabulary activities* ay mahalaga upang maihanda ang *background knowledge* ng mga mag-aaral at mabawasan ang kahirapan sa pag-unawa sa teksto. Gayundin, ipinakita nina Xin at Xuan (2025) na ang sistematiko at malawak na *pre-teaching* ng bokabularyo bago ang pagbasa ay may positibong epekto sa *acquisition at retention* ng mga bagong salita.

Ang mababang *standard deviation* sa mga guro (SD = 0.35–0.68) ay nagpapakita ng mataas na pagkakapare-pareho sa kanilang mga pamamaraan, samantalang ang SD ng mga mag-aaral (SD = 0.75–0.85) ay nagpapahiwatig ng bahagyang pagkakaiba sa kanilang persepsyon, ngunit nananatiling positibo at napakataas pa rin ang kanilang pananaw sa paggamit ng *vocabulary instruction* ng kanilang mga guro. Ipinapakita nito na bagaman may kaunting pagkakaiba sa karanasan ng mga mag-aaral, kinikilala pa rin nila ang mahalagang papel ng iba't ibang estratehiya sa pagpapalawak ng bokabularyo at pagpapabuti ng kanilang pag-unawa sa binabasa (Manyak et al., 2020; McLean et al., 2020).

`Ipinapakita sa Talaan 1.6 ang antas ng paggamit ng mga guro batay sa Peer Tutoring bilang pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Makikita sa talaan na napakataas ang antas ng paggamit ng peer tutoring batay sa pananaw ng parehong guro at mag-aaral. Ang composite mean ng mga guro ay 4.34, na may interpretasyong napakataas ang antas, samantalang ang composite mean ng mga mag-aaral ay 4.27, na nangangahulugang napakataas din ang antas ng implementasyon nito sa klase. Ipinapakita nito na ang *peer tutoring* ay malawakang ginagamit bilang estratehiya upang mapalakas ang kolaboratibong pagkatuto at kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang resultang ito ay umaayon sa pag-aaral nina Tang et al. (2021), na nagsasabing ang malawak na paggamit ng peer *tutoring* at iba pang *collaborative learning strategies* sa loob ng klase ay may positibong epekto sa *reading proficiency* at *oral language development* ng mga mag-aaral. Gayundin, ipinakita sa pag-aaral nina Gubalani et al. (2023) na ang malawak na paggamit ng *peer tutoring* ay nakatutulong sa pagpabubuti ng *reading fluency* at *comprehension* dahil sa aktibong interaksyon at tulong ng mga kapuwa mag-aaral sa proseso ng pagkatuto (Tang et al., 2021; Gubalani, et al., 2023).

Sa perspektiba ng mga guro, pinakamataas ang *mean* sa pahayag na "Nagmamasid ako at nagbibigay ng mga puna habang isinasagawa ang gawain" na may *mean* na 4.63, na may interpretasyong napakataas na antas. Ipinahihiwatig nito na aktibo ang papel ng guro bilang *facilitator* na nagbibigay ng gabay, puna, at *feedback* sa proseso ng *peer tutoring*. Ang agarang *feedback* mula sa guro habang isinasagawa ang *peer tutoring* ay mahalaga upang masubaybayan ang interaksyon ng mga mag-aaral at maituwid ang mga pagkakamali sa proseso ng pagkatuto. Ayon kina ul Ain et al. (2023), ang kombinasyon ng *peer tutoring at teacher guidance* ay mas epektibo sa pagpapalakas ng *reading comprehension* dahil nabibigyan ng sapat na *scaffolding* ang mga mag-aaral habang sila ay nagtutulungan sa gawain.

**Talaan 1.6**

***Antas ng Paggamit ng mga Guro ang Peer Tutoring na Pamamaraan at Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa***

| Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa | Guro (n=30) | | | | Mag-aaral (n=450) | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | x̄ | P | AnP | SD | x̄ | P | AnP | SD |
| 1. Pinapangkat ko sa tigdadalawa o higit pa ang mga mag-aaral upang magtulungan sa pagbabasa. | 4.47 | LnS | N | 0.68 | 4.40 | LnS | N | 0.74 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 2. Nagtatalaga ako ng malinaw na tungkulin tulad ng *tutor at tutee.* | 3.97 | LnS | N | 0.81 | 4.16 | S | M | 0.85 |
| 3. Nagbibigay ako ng malinaw na tagubilin at gabay sa mga mag-aaral kung paano sila magtutulungan sa pagbasa. | 4.30 | LnS | N | 0.70 | 4.23 | LnS | N | 0.88 |
| 4. Nagmamasid ako at nagbibigay ng mga puna habang isinasagawa ang gawain. | 4.63 | LnS | N | 0.67 | 4.25 | LnS | N | 0.86 |
| 5. Ginagamit ko ang peer tutoring upang mapalakas ang kolaborasyon at kompiyansa sa pagbasa. | 4.33 | LnS | N | 0.71 | 4.32 | LnS | N | 0.85 |
| Composite | 4.34 | LnS | N | 0.71 | 4.27 | LnS | N | 0.84 |

**Note:** Paglalarawan (P); Antas ng Paggamit (AnP); 4.21–5.00, Lubos na Sumasang-ayon (LnS), Napakataas (N); 3.41–4.20, Sumasang-ayon (S), Mataas (M); 2.61–3.40, Katamtamang Sumang-ayon (KS), Katamtaman (K); 1.81–2.60, Hindi Sumasang-ayon (HS), Mababa (Ma); 1.00–1.80, Lubos na Hindi Sumasang-ayon (LnHS), Napakababa (Na)

Kasunod nito, mataas din ang *mean* sa pahayag na “Pinapangkat ko sa tigdadalawa o higit pa ang mga mag-aaral upang magtulungan sa pagbabasa” na may *mean* na 4.47 batay sa pananaw ng mga guro. Ipinapakita nito na ginagamit ng mga guro ang *structured grouping* upang mapadali ang kolaborasyon at *peer support* sa pagbasa. Ang ganitong estratehiya ay nagpapalakas ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral at nagbibigay ng pagkakataon sa kanila na matuto mula sa kanilang kapuwa. Ayon sa pagaaral nina Thurston et al. (2023), ang malawak at *structured peer tutoring* ay may positibong epekto hindi lamang sa mga *tutee* kundi maging sa mga *tutor*, sapagkat kapuwa sila nakikinabang sa proseso ng *collaborative learning* at *reading comprehension development*.

Sa pananaw naman ng mga mag-aaral, pinakamataas ang *mean* sa pahayag na “Pinapangkat sa tigdadalawa o higit pa ang mga mag-aaral upang magtulungan sa pagbabasa” na may *mean* na 4.40, na nagpapakita na nararanasan nila ang aktibong pakikipagtulungan sa pagbasa sa loob ng klase. Ipinahihiwatig nito na nakikita at nararanasan ng mga mag-aaral ang aktuwal na implementasyon ng *peer tutoring* sa kanilang klase. Sumunod dito ang pahayag na “Ginagamit ang *peer tutoring* upang mapalakas ang kolaborasyon at kompiyansa sa pagbasa” na may *mean* na 4.32, na nagpapahiwatig na nakikita ng mga mag-aaral na nakatutulong ang estratehiyang ito sa pagpapataas ng kanilang kumpiyansa at partisipasyon sa pagbasa. Ang resultang ito ay

sinusuportahan ng pag-aaral Gubalani et al. (2023), na natuklasang ang *peer tutoring* ay may positibong epekto sa *reading comprehension* at *oral fluency* ng mga mag-aaral dahil sa aktibong pakikipag-ugnayan at *peer support* sa loob ng klase.

Samantala, pinakamababa batay sa pananaw ng mga mag-aaral ang pahayag na "Nagtatalaga ang guro ng malinaw na tungkulin tulad ng *tutor* at *tutee*" na may *mean* na 4.16, subalit ito ay nasa mataas na antas pa rin. Ayon kina Thurston et al. (2023), mahalagang malinaw ang *role assignment* sa *peer tutoring* upang maging mas epektibo ang interaksyon at mapalakas ang *learning gains* ng parehong *tutor* at *tutee*. Kapag malinaw ang tungkulin ng bawat mag-aaral, nagiging mas organisado at mas epektibo ang *collaborative learning process*.

Ang standard deviation ng mga guro (0.67–0.81) at ng mga mag-aaral (0.74–0.88) ay nagpapakita ng bahagyang pagkakaiba-iba sa kanilang pananaw, ngunit nananatiling magkakatugma na nasa napakataas na antas ng paggamit ng *peer tutoring* bilang estratehiya. Ipinahihiwatig nito na bagaman may kaunting pagkakaiba sa karanasan at persepsyon ng mga respondente, nananatiling mataas ang kanilang pagtingin sa *peer tutoring* bilang isang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Ayon sa pananaliksik nina Tang et al. (2021), ang *peer tutoring* bilang bahagi ng *collaborative learning* ay nakapagpapataas ng *student engagement, confidence,* at *reading achievement* sa iba't ibang antas ng pagkatuto.

Batay sa Talaan 2, makikita ang performans ng mga mag-aaral batay sa resulta ng Phil-IRI na nagpapakita ng kanilang antas bilang mambabasa. Sa kabuoang 450 na mag-aaral, 307 o 68.07% ay nasa kategoryang Independent Reader, 96 o 21.29% ay nasa Instructional Reader, 45 o 9.98% ay nasa Frustration Reader, at 3 o 0.66% lamang ang Non-Reader. Ipinapakita rito na karamihan sa mga mag-aaral ay nasa mataas na antas ng kakayahang bumasa at nakababasa nang may kaunti o walang tulong mula sa guro. Ang ganitong distribusyon ay sumasalamin sa mga natuklasan sa mga pag-aaral na nagsasabing ang *reading proficiency* sa *secondary level* ay karaniwang nahahati sa iba't ibang antas ng kasanayan, kung saan nangingibabaw ang *Instructional readers* at sumunod lamang ang *Independent readers* (Tolibas, 2025; Abril, 2022).

**Talaan 2**

***Performance ng mga Mag-aaral Batay sa Resulta ng Phil-IRI***

| Classification | Frequency | Percent |
|---|---|---|
| Independent Reader | 307 | 68.07 |
| Instructional Reader | 96 | 21.29 |
| Frustration Reader | 45 | 9.98 |

| | | |
|---|---|---|
| Non-Reader | 3 | 0.66 |
| Total | 450 | 100 |

Ang mataas na bilang ng Independent Readers (68.07%) ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may sapat na kasanayan sa *decoding, fluency,* at *comprehension.* Ipinapakita rin nito na epektibo ang mga estratehiyang ginamit ng mga guro tulad ng *phonics instruction, guided reading, vocabulary development,* at *peer tutoring* na nakasaad sa mga naunang talahanayan. Ayon kina Cabura at Cabural (2025), sa pagsusuri ng *Phil-IRI-based data* sa junior high school, nangingibabaw ang *Independent Readers* sa mga paaralan kapag may sistematikong implementasyon ng *literacy interventions*, subalit nananatili pa rin ang *learning gaps* sa ilang antas ng mambabasa. Ipinapakita rin ng mga pag-aaral na ang *structured reading instruction* ay nakatutulong sa paglipat ng mga mag-aaral mula sa *instructional at frustration levels* patungo sa *independent reading level* (Figuracion & Ormilla, 2021).

Samantala, ang *Instructional Readers* (21.29%) ay mga mag-aaral na nangangailangan pa rin ng gabay mula sa guro upang lubos na maunawaan ang teksto. Ayon kay Vygotsky (1978), sa kaniyang teoryang *Zone of Proximal Development* (ZPD), ang ganitong antas ng mag-aaral ay nasa yugto kung saan maaari silang matuto ng mas mataas na kasanayan kung may sapat na scaffolding mula sa guro o mas may kakayahang kapwa mag-aaral. Ang presensiya ng grupong ito ay nagpapakita ng pangangailangan ng patuloy na *differentiated instruction, guided reading,* at *peer support* upang mapataas pa ang kanilang antas ng pagbasa (Snow & Matthews, 2016).

Ang *Frustration Readers* (9.98%) naman ay mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa at pag-unawa ng teksto kahit may tulong. Bagaman hindi mataas ang porsyento, mahalagang bigyan sila ng agarang pansin sapagkat ang patuloy na kahirapan sa pagbasa ay maaaring makaapekto sa kanilang akademikong pagganap sa lahat ng asignatura. Ayon kina Cabading Figuracion at Ormilla (2021), ang mga mag-aaral na nasa ganitong antas ay nangangailangan ng *targeted reading intervention* at *explicit instruction* upang mapalakas ang kanilang *decoding* at *comprehension skills* at maiwasan ang paglala ng *learning gaps*.

Ang *Non-Readers* (0.66%) ay nagpapakita ng napakaliit na bilang ng mga magaaral na hindi pa nakababasa. Bagaman *minimal* ang porsyento, ito ay may malaking implikasyon sa edukasyon sapagkat ang pagbasa ay pundasyon ng lahat ng pagkatuto. Ipinapahiwatig nito ang pangangailangan ng intensive reading intervention *programs, early identification,* at *remedial instruction* upang matulungan ang mga mag-aaral na ito na makamit ang *minimum literacy standards.* Ayon sa mga pag-aaral, kahit maliit ang bilang ng *non-readers,* nangangailangan sila ng mas sistematikong at indibiduwal na interbensyon upang maiwasan ang patuloy na *academic disengagement* (Cabura & Cabural, 2025).

Ipinapakita sa Talaan 3 sa sunod na pahina na ang antas ng paggamit ng mga pamamaraan at estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay may signifikant ugnayan sa resulta ng Phil-IRI ng mga mag-aaral, sapagkat ang lahat ng estratehiya ay nagpakita ng p-values na mas mababa sa .001. Ipinahihiwatig nito na ang pagtuturong poniks (phonics instruction), pagtatanong (questioning), gabay na pagbasa (guided reading), sabayang pagbasa (shared reading), pagtuturo ng talasalitaan (vocabulary instruction), at pagtutulungang pagkatuto (peer tutoring) ay may tuwirang ugnayan sa antas ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang resultang ito ay sinusuportahan ng meta-analysis ni Odo (2021), na natuklasang ang *phonological awareness* at *phonics instruction* ay may katamtaman hanggang mataas na positibong epekto sa *word reading* at *decoding skills*, na nagpapatunay na ang napakataas at sistematikong paggamit ng *phonics* ay may mahalagang ambag sa pagpapaunlad ng kakayahang bumasa ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang mataas na paggamit ng phonics instruction ng mga guro sa kasalukuyang pag-aaral ay maaaring isang positibong indikasyon ng paggamit ng *evidence-based reading strategies* sa pagtuturo. Kaugnay nito, pinatutunayan din ng sistematikong pagsusuri nina Parry et al. (2024) na ang mga gawaing *phonological awareness* at *phonics-based activities* ay may positibong epekto sa literacy development, lalo na kung ginagabayan ng guro ang proseso ng pagkatuto.

Kapansin-pansin na sa lahat ng estratehiya, ang mga mag-aaral na kabilang sa antas na *Independent Readers* ay nakakuha ng mas mataas na *mean scores* kumpara sa mga nasa antas na *Instructional at Frustration*. Ipinapakita nito na ang mas madalas at mas epektibong paggamit ng mga estratehiyang ito ay nauugnay sa mas mataas na kasanayan sa pagbasa.

**Talaan 3**

***Kaugnayan sa Pagitan ng Antas ng Paggamit ng mga Pamamaraan at Estratehiya ng Pagtuturo sa Pagbasa at ang Phil- IRI Performans ng mga Mag-Aaral***

| Performans at… | $x_2$ | *p* | Decision |
|---|---|---|---|
| Phonics Instruction | 50.10 | < .001 | Significant |
| | Independent Reader: | $\tilde{x}$ = 5.00; $\bar{x}$ = 4.79 | |
| | Instructional Reader: | $\tilde{x}$ = 5.00; $\bar{x}$ = 4.56 | |
| | Frustration/Non-Reader: | $\tilde{x}$ = 4.00; $\bar{x}$ = 4.25 | |
| Pagtatanong | 52.40 | < .001 | Significant |
| | Independent Reader: | $\tilde{x}$ = 5.00; $\bar{x}$ = 4.62 | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Instructional Reader: | $\tilde{x}$ = 5.00; $\bar{x}$ = 4.44 | |
| | Frustration/Non-Reader: | $\tilde{x}$ = 4.00; $\bar{x}$ = 3.96 | |
| Ginabayang Pagbasa | 46.14 | < .001 | Significant |
| | Independent Reader: | $\tilde{x}$ = 5.00; $\bar{x}$ = 4.66 | |
| | Instructional Reader: | $\tilde{x}$ = 4.50; $\bar{x}$ = 4.39 | |
| | Frustration/Non-Reader: | $\tilde{x}$ = 4.00; $\bar{x}$ = 4.038 | |
| Sama-Samang Pagbabasa; | 90.79 | < .001 | Significant |
| | Independent Reader: | $\tilde{x}$ = 5.00; $\bar{x}$ = 4.67 | |
| | Instructional Reader: | $\tilde{x}$ = 4.00; $\bar{x}$ = 4.27 | |
| | Frustration/Non-Reader: | $\tilde{x}$ = 4.00; $\bar{x}$ = 3.94 | |
| Pagtuturo ng mga Bagong Salita | 82.68 | < .001 | Significant |
| | Independent Reader: | $\tilde{x}$ = 5.00; $\bar{x}$ = 4.62 | |
| | Instructional Reader: | $\tilde{x}$ = 4.00; $\bar{x}$ = 4.36 | |
| | Frustration/Non-Reader: | $\tilde{x}$ = 4.00; $\bar{x}$ = 3.84 | |
| Peer-Tutoring | 89.32 | < .001 | Significant |
| | Independent Reader: | $\tilde{x}$ = 5.00; $\bar{x}$ = 4.61 | |
| | Instructional Reader: | $\tilde{x}$ = 4.00; $\bar{x}$ = 4.20 | |
| | Frustration/Non-Reader: | $\tilde{x}$ = 4.00; $\bar{x}$ = 3.75 | |

Note: Chi-Square Test at .05 Level of Significance; df = 4

Sinusuportahan ito ng mga pag-aaral nina Tolibas (2025) at Abril et al. (2022), na nagbibigay-diin na ang madala at sistematikong paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagbasa ay nagpahuhusay sa pagkilala ng salita, kahusayan sa pagbasa, at pag-unawa. Gayundin, natuklasan nina Dilgard et al. (2022) at Shenoy et al. (2024) na ang phonics at *guided reading* ay may malaking kaugnayan at ambag sa pagpapataas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral

Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral na nasa antas na *Frustration* ay patuloy na nakapagtala ng mas mababang *mean scores,* na nagpapahiwatig na maaaring hindi sapat o hindi epektibong naipatutupad ang mga estratehiyang ito para sa mga nahihirapang mambabasa. Kaayon ito ng pahayag ni Tolibas (2025) na ang limitadong paggamit ng mga epektibong estratehiya ay nagiging dahilan upang manatili ang mga mag-aaral sa mababang antas ng pagbasa.

Dagdag pa, ipinakita sa pag-aaral ni Tolibas (2025) na ang mga guro na gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagbasa ay mas maraming mag-aaral na nakarating sa antas ng *Instructional* at *Independent Reader*. Sa kabaligtaran naman, ang mga guro na bihirang gumamit ng mga epektibong estratehiya gaya ng *shared reading* o *vocabulary instruction* ay mas marami namang mag-aaral na nananatili sa *Frustration* o *Non-reader levels*.

Ipinapakita sa Talaan 4 na sa pangkalahatan, walang signifikant ugnayan ang karamihan sa mga profayl ng guro tulad ng edad, kasarian, ranggo, at bilang ng mga pagsasanay sa antas ng kanilang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ($p > .05$). Ibig sabihin, ang mga naturang personal at propesyonal na katangian ng mga guro ay hindi sapat na batayan upang mahulaan (predict) o ipaliwanag ang lawak ng kanilang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa sa loob ng silid-aralan.

Gayunpaman, natuklasan na ang antas ng edukasyonal na natamo (educational attainment) ay may signifikant na ugnayan sa pagitan nga paggamit ng *peer tutoring* ($p = .015$). Ipinahihiwatig nito na ang mga gurong may mas mataas na antas ng edukasyon ay maaaring mas handa, mas bihasa, o mas bukas sa paggamit ng mga kolaboratibong estratehiya tulad ng *peer tutoring*. Maaaring ito ay dahil sa mas malalim nilang kaalaman sa mga teorya ng pagkatuto, mas malawak na *exposure* sa mga makabagong pedagohikal na lapit, at mas mataas na antas ng *pedagogical content knowledge* na nakatutulong sa epektibong implementasyon ng mga ganitong estratehiya sa pagbasa.

Ang resultang ito ay bahagyang sumasalungat sa pag-aaral nina Gamboa at Quicho (2025) at Dilgard et al. (2022), na nagpakitang ang mga salik tulad ng ranggo at dami ng pagsasanay ay may makabuluhang impluwensiya sa paggamit ng mga estratehiya sa pagtuturo. Ayon sa kanilang mga natuklasan, mas nagiging epektibo at mas madalas gamitin ang mga makabagong estratehiya kapag ang guro ay mas maraming pagsasanay (*training)* at mas mataas ang posisyon sa propesyon. Gayunpaman, ang kasalukuyang resulta ay hindi sumusuporta sa ganitong pananaw, dahil ipinakita na ang karamihan sa mga profayl ay walang signifikant na ugnayan sa paggamit ng estratehiya.

Sa kabilang banda, ang resulta ay sumasang-ayon sa pag-aaral nina Yan at Cai (2022) na nagsasaad na walang signifikant na pagkakaiba sa paggamit ng mga estratehiya batay sa kasarian, na nagpapahiwatig na ang kasarian ay hindi kritikal na salik sa *pedagogical decision-making* ng mga guro.

**Talaan 4**

***Kaugnayan sa Pagitan ng Profayl ng mga Guro at ang Antas ng Kanilang Paggamit sa mga Pamamaraan at Estratehiya sa Pagtuturo sa Pagbasa***

| Estratehiya | Edad | Kasarian | Ranggo | Edukasyon | Bilang ng Pagsasanay |
|---|---|---|---|---|---|
| Phonics Instruction | $r_s$ -.201 $p$ = .287 | $=x^2$ = 1.154 $p$ = .283 | $r_s$ = .192 $p$ = .310 | $r_s$ = .164 $p$ = .385 | $r_s$ = .284 $p$ = .128 |
| Pagtatanong | $r_s$ -.102 $p$ = .590 | $=x^2$ = .055 $p$ = .815 | $r_s$ = .066 $p$ = .730 | $r_s$ = .036 $p$ = .851 | $r_s$ = .224 $p$ = .235 |
| Ginabayang Pagbasa | $r_s$ -.119 $p$ = .530 | $=x^2$ = .870 $p$ = .351 | $r_s$ = .068 $p$ = .721 | $r_s$ = .126 $p$ = .506 | $r_s$ = .127 $p$ = .502 |
| Sama-Samang Pagbababasa; | $r_s$ -.117 $p$ = .537 | $=x^2$ = .870 $p$ = .351 | $r_s$ = .021 $p$ = .912 | $r_s$ = .182 $p$ = .336 | $r_s$ = .060 $p$ = .774 |
| Pagtuturo ng mga Bagong Salita | $r_s$ -.055 $p$ = .774 | $=x^2$ = .433 $p$ = .511 | $r_s$ = .190 $p$ = .774 | $r_s$ = .309 $p$ = .097 | $r_s$ = .235 $p$ = .211 |
| Peer-Tutoring | $r_s$ -.171 $p$ = .369 | $=x^2$ = .084 $p$ = .773 | $r_s$ = .151 $p$ = .426 | $r_s$ = .438 $p$ = .015 (significant) | $r_s$ = .305 $p$ = .101 |

Note: Spearman's Rank-Order Correlation (df = 448) and Chi-Square Test (df = 1) at .05 Level of Significance

Ipinahihiwatig ng resulta na ang paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ay maaaring hindi gaanong nakasalalay sa mga demograpikong katangian ng guro, kundi higit na nakabatay sa kanilang aktwal na kakayahang pedagogikal, karanasan sa pagtuturo, at aktibong implementasyon sa silid-aralan. Ibig sabihin, ang epektibong paggamit ng mga estratehiya tulad ng *peer tutoring* ay higit na bunga ng propesyonal na kasanayan at praktikal na aplikasyon kaysa sa edad, kasarian, o ranggo ng guro.

## Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, maliwanag na ang mga guro ay gumagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa gaya ng phonics instruction, pagtatanong, guided reading, shared reading, pagpapaunlad ng bokabularyo, at peer tutoring sa mataas na antas. Ang mga estratehiyang ito ay kapuwa kinikilala ng mga guro at mag-aaral bilang mahahalagang sangkap sa epektibong paglinang ng kasanayan sa

pagbasa. Ipinakikita ng resulta na ang matagumpay na pagtuturo ng pagbasa ay hindi nakabatay sa iisang pamamaraan lamang kundi sa maingat, sistematiko, at integratibong paggamit ng iba't ibang estratehiyang pedagogikal na tumutugon sa magkakaibang pangangailangan, kakayahan, interes, at antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang kombinasyon ng mga estratehiyang ito ay nagpapahiwatig ng isang dinamiko, interaktibo, at mag-aaral-sentrong proseso ng pagtuturo na naglalayong malinang hindi lamang ang kakayahang bumasa kundi maging ang malalim na pag-unawa, kritikal na pag-iisip, at pangkalahatang literasi ng mga mag-aaral.

Samantala, batay sa resulta ng Phil-IRI performance ng mga mag-aaral, natuklasan na karamihan sa kanila ay kabilang sa antas na Independent Reader, na nagpapahiwatig na maraming mag-aaral ang nakapagtamo ng sapat na kakayahan sa pagbasa at pag-unawa nang hindi nangangailangan ng lubos na paggabay mula sa guro. Ang positibong resultang ito ay maaaring maiugnay sa patuloy at wastong paggamit ng mga angkop na estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa. Gayunpaman, hindi maikakaila na mayroon pa ring ilang mag-aaral na kabilang sa antas na Frustration Reader at NonReader, na malinaw na nagpapakita na may mga mag-aaral na nananatiling nahuhuli sa inaasahang antas ng literasi. Ang kalagayang ito ay sumasalamin sa patuloy na hamon sa larangan ng edukasyon kung saan hindi sapat ang pangkalahatang mataas na antas ng pagganap kung may mga mag-aaral pa ring hindi ganap na nakakamit ang batayang kasanayan sa pagbasa.

Sa kabuoan, pinagtitibay ng pag-aaral na ang epektibo, sistematiko, at angkop na paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay may napakahalagang papel sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga gurong gumagamit ng iba-iba, makabago, interaktibo, at mag-aaralsentrong estratehiya ay higit na nakatutulong sa paghubog ng komprehensibong kasanayan sa pag-unawa, bokabularyo, kritikal na pag-iisip, at pangkalahatang literasi. Gayunpaman, ipinahihiwatig din ng pag-aaral na nananatiling mahalagang tungkulin ng mga guro, paaralan, at tagapamahala ng edukasyon ang patuloy na pagpapaigting ng mga programang pangpagbasa at pagbibigay ng mas masusi, inklusibo, at pangmatagalang interbensyon para sa mga mag-aaral na nasa mababang antas ng pagbasa.

Higit sa lahat, binibigyang-diin ng pag-aaral na ang kakayahang bumasa ay hindi lamang simpleng kasanayang akademiko kundi isang pundamental na kakayahang humuhubog sa pangkalahatang pagkatuto, kumpiyansa sa sarili, at kakayahan ng mga mag-aaral na matagumpay na makibahagi sa lipunan. Dahil dito, kinakailangang patuloy na paunlarin, suriin, at iangkop ang mga pamamaraan sa pagtuturo ng pagbasa upang matiyak na walang mag-aaral ang maiiwan at lahat ay magkakaroon ng pantay na pagkakataong maging ganap na literate at produktibong mamamayan.

## Rekomendasyon

Mula sa mga napatunayan sa pag-aaral na ito, malugod na iminungkahi ng mananaliksik ang mga sumusunod:

A. Mag-aaral
1. Gawin pang mas aktibo sa pakikilahok sa mga gawaing pampagbasa.
2. Paunlarin ang interes at disiplina sa pagsasanay sa pagbasa.

B. Guro sa Filipino
1. Magsagawa ng language mapping para sa mga mag-aaral.
2. Ipagpatuloy ang paggamit ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at bigyang tuon ang mas nangangailangan ng gabay.
3. Ipagpatuloy ang pagsagawa ng regular na pagtataya at pagsubaybay sa progreso ng mga mag-aaral.

C. Koordineytor sa Filipino
1. Gawing makabuluhan ang monitoring na kung saan ang resulta ay magiging gabay sa teknikal na tulong.
2. Magsagawa ng mga worksyap tungkol sa pedagohiya sa pagbasa sa pamamagitan ng LAC session.
3. Magdisenyo ng angkop na interbensiyon mula sa resulta ng *Language Mapping.*

D. Punong-guro
1. Gawing prayoridad ang paglaan ng sapat na budget para sa kagamitang panturo (aklat, elektronikong kagamitan, malaking TV) para sa pagbasa.
2. Dagdagan ang technical assistance sa pagpapaigting ng programang pampagbasa sa paaralan.

E. Susunod na Mananaliksik
1. Pag-aralan ang iba pang interbensyon upang mapaunlad ang antas ng pagbasa ng mga mag-aaral ekspiremental na pagsusuri ng mga performance frustation at non-readers bago at pagkatapos ng interbensiyon.

## Etikal Na Konsiderasyon

Sa pananaliksik na ito, binigyang-halaga ang pagsunod sa mga pamantayang etikal upang mapangalagaan ang karapatan, dignidad, at kapakanan ng mga kalahok sa buong proseso ng pag-aaral. Ang lahat ng personal na impormasyon ng mga respondente ay itinuring na mahigpit na kompidensyal at ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik. Ang mga pamantayan ng etika sa pananaliksik na itinatag ng Foundation University Research Office ay mahigpit na sinunod upang matiyak na ang pag-aaral ay isinasagawa sa isang responsable at etikal na pamamaraan.

Bago ang pangangalap ng datos, unang humingi ang mananaliksik ng pahintulot mula sa Foundation University Research Office upang matiyak ang etikal na pagsasagawa ng pag-aaral. Sinuri rin ang kabuluhan at kaangkupan ng paksa ng

pananaliksik sa pamamagitan ng konsultasyon sa mga kinauukulang eksperto. Inihanda ng mananaliksik ang mga instrumentong ginamit, kabilang ang sarbey-kwestyoneyr para sa mga guro at talatanungan para sa mga piling mag-aaral batay sa resulta ng PHIL-IRI, upang makalikom ng mga datos na may kaugnayan sa mga epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng pagbasa sa Wikang Filipino. Bago ang aktuwal na pagsagot, ang lahat ng kalahok ay malinaw na pinaalam tungkol sa layunin ng pag-aaral, proseso ng kanilang paglahok, mga posibleng benepisyo at panganib, at kanilang mga karapatan bilang kalahok.

Sa panahon ng pangangalap ng datos, tiniyak ng mananaliksik na ang pakikilahok ng mga respondente ay boluntaryo at walang anumang pamimilit. Binigyang-diin din ang kanilang karapatang tumanggi o umatras sa pag-aaral anumang oras kung nanaisin nila. Ang mga sagot ng mga kalahok ay hindi nilagyan ng anumang pagkakakilanlan upang mapanatili ang anonymity at confidentiality ng kanilang mga tugon. Tiniyak din ng mananaliksik na ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa paraang may paggalang, hindi mapanghusga, at walang anumang uri ng diskriminasyon o pamimintas sa mga kalahok.

Pagkatapos ng pangangalap ng datos, ang lahat ng impormasyong nakalap ay maingat na iningatan at ginamit lamang para sa layunin ng pananaliksik. Ang mga datos ay sinuri at inilahad sa paraang hindi matutukoy ang pagkakakilanlan ng mga respondente upang mapanatili ang kanilang pagiging kompidensyal. Ang anumang personal na impormasyon ay hindi ibinahagi sa sinumang hindi kabilang sa pag-aaral.

Bukod dito, idineklara ng mananaliksik na gumamit ng ChatGPT bilang kasangkapang teknolohikal upang mapahusay ang organisasyon, kalinawan, at pagkaunawa ng manuskrito. Gayunpaman, matapos gamitin ang nasabing kasangkapan, ang buong nilalaman ay masusing nirepaso ng mananaliksik, na nananatiling ganap na responsable sa lahat ng bahagi ng dokumento.

## Pasasalamat

Isang buong pasasalamat ang inialay ng mananaliksik sa lahat ng naging bahagi sa matagumpay na pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito.

Unang-una sa Panginoon na nagbigay ng biyaya at magandang kalusugan upang maipagpatuloy at matapos ang pagsagawa ng pag-aaral nang matagumpay. Ang Kaniyang walang hanggang patnubay at lakas ay nagsilbing sandigan ng mananaliksik sa bawat hakbang at proseso ng pananaliksik na ito.

Ang tagumpay ng pag-aaral na ito ay hindi naging kompleto kung wala ang mga taong patuloy na sumuporta at naging parte sa pag-aaral.

Dr. Cristina P. Calisang, tagapayo at mapagmahal na guro ng mananaliksik na siyang gumabay at nagbigay ng paalala sa mga dapat gawin ng mananaliksik. Sa buong panahon ng pananaliksik, buong suportang ibinigay ang makahulugang impormasyon sap ag-aaral at palaging nag-udyok na tapusin nang matagumpay ang pag-aaral na ginawa.

Lubos ang pasasalamat ng mananaliksik sa inspirasyong ibinigay at sa kaniyang dedikasyon at gabay na naging malaking tulong sa maayos at sistematikong pagbuo ng pag-aaral na ito.

Dr. Maria Chona Z. Futalan, statistician, method specialist at matulunging guro ng mananaliksik para sa kanyang paglaan ng oras upang maibahagi ang mahalagang impormasyon na nagamit sa buong pag-aaral. Taos-puso ang pasasalamat ng mananaliksik sa walang sawang pag-intindi at pagtulong upang mabigyanginterpretasyon ang mga datos na ginamit sa pag-aaral.

Lubos na pinahahalagahan ng mananaliksik sina G. Shem Don C. Fabila, Dr. Kendrick M. Kitane, at Bb. Ritchel Elnar sa kanilang masusing pagsusuri sa balididiti ng sarbey-kwestyoneyr at sa pagbabahagi ng karagdagang kaalaman, na nagpayaman at nagpatibay sa isinagawang pananaliksik.

Sa mga panelista: Dr. Erlinda N. Calumpang, Chairman ng Graduate School MAEd and EdD program, Dr. Felipe B. Sullera Jr., Dekano ng Paaralang Graduado at Content Specialist-Internal, Dr. Romario P. Ybaňez, method specialist, at G. Shem Don C. Fabila, Content specialist -External na nagbahagi ng kanilang talino at husay sa pagbibigay ng makabuluhang puna, komento, at mungkahi; at kay Bb. Jonah Mae S. Salvoro at Bb. Daisy Belle De Oro, sa kanilang masusing pagtala ng mga komento, mungkahi, at obserbasyon ng mga panelista, na lubos na nakatulong sa pagsusuri at pagpapabuti ng pag-aaral.

Taos-pusong iginalang at pinahalagahan ng mananaliksik sina Dr. Edmark Ian L. Cabio, CESO VI, Schools Division Superintendent ng Dibisyon ng Dumaguete, katuwang ang mga Punongguro ng Junior High Schools na sina G. Luisito B. Mapue, Dr. Claudio A. Sun, Dr. Roxan C. Dayao, Dr. Daphne Nodado, Dr. Catherine Bohol, Gng. Victoria O. Superal, at G. Orlando Omlang. gayundin ang mga guro sa Filipino na sina Gng. Emma Sarah, Bb. Debby Repe, Gng. Vivien Baro, Bb. Ellyn Fe Mayagma, at mga kasamahan ng mananaliksik sa Mataas na paaralan ng Junob sapagkat sila ang nagbigay ng pahintulot at suporta upang maisakatuparan ang pag-aaral sa kanilang mga paaralan.

Sa mga kapuwa guro ng mananaliksik: Jan Erich Celin, at Mary Ann B. Quijano, ay lubos na kinilala ang kanilang mga naibahaging idea, payo, at karanasan, na naging malaking tulong sa pagbuo at pagpabubuti ng pag-aaral na ito.

Sa mga kaibigan ng mananaliksik: Gng. Mary Jane Oira, G. Kevin Dan Maturan, Gng. Diana Marie Cataylo, at Gng. Alice S. Nocete na nagbigay motibasyon at inspirasyon upang matapos ang pag-aaral na ito.

Mga piling guro at mag-aaral mula baitang 7-10 mula sa pitong Junior High School sa Dumaguete City sa taong panuruan 2025-2026, sa kanilang aktibong pakikilahok, pagbibigay ng pahintulot, at tapat na pagsagot sa mga katanungan na nagbigay-daan sa matagumpay na pagkolekta ng datos.

Sa kaniyang mahal na asawa na si Jesse B. Pain sa walang sawang pagsuporta gayundin sa kaniyang pamilya, mga magulang, at kapatid, sa kanilang buong pagmamahal, suporta, at inspirasyon na nagsilbing lakas ng mananaliksik upang magpatuloy at matagumpay na maisaktuparan ang pagbuo at pagsagawa ng pag-aaral na ito.

Maraming salamat!

## REFERENCES

Abril, J. G., Acerbo, C. T., & Abocejo, F. T. (2022). The Philippine informal reading inventory (Phil-IRI) program: A critical analysis. Budapest International Research and Critics in Linguistics and Education (BirLE) Journal, 5(4), 432-441. https://tinyurl.com/5xezf7bb

Allie, J. (2023). Close Reading Complex Grade-Level Text Differences in Reading Comprehension for Third-Grade Students in Title I Schools (Doctoral dissertation, Southwest Baptist University). ERIC - ED641306 - Close Reading Complex GradeLevel Text Differences in Reading Comprehension for Third-Grade Students in Title I Schools, ProQuest LLC, 2023

Altamimi, M. O., & Ogdol, R. (2023). The effects of shared reading approach on improving students' comprehension. International Journal of Research in Education and Science (IJRES), 9(2), 308-328. https://doi.org/10.46328/ijres.3047

Awawda, J. (2026). Questioning strategies in EFL teaching: Their role in fostering learners' critical thinking. Language Teaching Research. Advance online publication. https://doi.org/10.1177/13621688261421817

Bowers, J. S. (2020). Reconsidering the evidence that systematic phonics is more effective than alternative methods of reading instruction. Educational Psychology Review, 32(3), 681-705. https://doi.org/10.1007/s10648-019-09515-y

Caballo, J. H. S. (2025). Transforming non-readers into independent readers: best practices of elementary school teachers in Davao City, Philippines. European Journal of Education Studies, 12(7). http://dx.doi.org/10.46827/ejes.v12i7.6098

Cabura, S. T., & Cabural, A. B. (2025). Mapping national literacy gaps in Grades 7–10: Evidence from the Phil-IRI KS3 national dashboard. Applied Research and Innovation, 4(1). https://doi.org/10.54536/ari.v4i1.7068

de Kleijn, R. A. (2023). Supporting student and teacher feedback literacy: an instructional model for student feedback processes. Assessment & Evaluation in Higher Education, 48(2), 186-200.https://doi.org/10.1080/02602938.2021.1967283

Dilgard, C., Hodges, T. S., & Coleman, J. (2022). Phonics instruction in early literacy: Examining professional learning, instructional resources, and intervention intensity. Reading Psychology, 43(8), 541-575. https://doi.org/10.1080/02702711.2022.2126045

Đỗ, T. X., & Trang, T. T. T. (2020). An investigation of teachers' questioning in the English reading classrooms: A case study. Hue University Journal of Science: Social Sciences and Humanities, 129(6B), 45–57. https://doi.org/10.26459/hueunijssh.v129i6B.6086

Ehri, L. C. (2020). The science of learning to read words: A case for systematic phonics instruction. Reading Research Quarterly, 55(S1), S45–S60. https://doi.org/10.1002/rrq.334

Esteban, A. J., Calang, K., & Pagador, P. M. E. (2024). A review of practices and digital technology integration in reading instruction and suggestions for the Philippines. International Journal of Evaluation and Research in Education, 13(6), 3663-3672. http://doi.org/10.11591/ijere.v13i6.29856

Figuracion, V. C., & Ormilla, R. C. G. (2021). Reading intervention and word reading performance among Filipino learners. Educatum Journal of Social Sciences, 7(1). https://doi.org/10.37134/ejoss.vol7.1.10.2021

Galang, A. (2020). Philippine K To 12 Curriculum and Programme for International Student Assessment (PISA) 2018 Reading Literacy Parallelism and Teaching-

Learning Experiences. ETERNAL (English, Teaching, Learning, and Research Journal), 6(2), 275-296.http://doi.org/10.24252/Eternal.V62.2020.A7

Gamboa, M. M., & Quicho, R. (2025). Instructional Practices, Professional Qualities, and Teaching Strategies in Enhancing Reading Comprehension: A Correlational Analysis. *International Journal of Learning, Teaching and Educational Research,* 24(6). https://doi.org/10.26803/ijlter.24.6.8

Gibbs, A. S., & Reed, D. K. (2021). Shared reading and guided play for vocabulary instruction with young children. Teaching Exceptional Children, 53(4), 280–288. https://doi.org/10.1177/0040059920968874

Gubalani, J., Basco, J., Bulig, M. R., & Bacatan, J. (2023). The effectiveness of peer tutoring in enhancing reading comprehension of ninth grade students. Canadian Journal of Language and Literature Studies, 3(4), 75-89. https://doi.org/10.53103/cjlls.v3i4.108

Hayati, I., Sakti, G., Roza, V., & Safitri, W. (2022). The Effect of Shared Reading Strategy on Students Reading Comprehension In Narrative Text at The Second Grade of SMPN 2 X Koto Tanah Datar In the Academic Year 2021/2022. Education: Jurnal Sosial Humaniora dan Pendidikan, 2(3), 68-75. https://doi.org/10.51903/education.v2i3.275

Huang, B., Dou, J., & Zhao, H. (2023). Reading bots: The implication of deep learning on guided reading. Frontiers in Psychology, 14, 980523. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2023.980523

Lane, H. B., Contesse, V. A., & Gallingane, C. (2023). Phonics 101: Preparing teachers to provide effective intervention in word reading skills. Intervention in School and Clinic, 59(1), 9–19. https://doi.org/10.1177/10534512221130065

Li, J.-T., Tong, F., Irby, B. J., Lara-Alecio, R., & Rivera, H. (2021). The effects of four instructional strategies on English learners' English reading comprehension: A metaanalysis. Language and Education, 28(1), 45–67. https://doi.org/10.1177/1362168821994133

Macaruso, P., Wilkes, S., & Prescott, J. E. (2020). An investigation of blended learning to support reading instruction in elementary schools. Educational Technology Research and Development, 68(6), 2839-2852. https://doi.org/10.1007/s11423-020-09785-2

Mandouit, L., & Hattie, J. (2023). Revisiting "The Power of Feedback" from the perspective of the learner. Learning and Instruction, 84, 101718. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2022.101718

Mangrobang, S., Labrador, L., & Gime, A. (2025). Filipino sight words from grades one to three a tool towards developing early reading literacy skills in the Philippines. International Journal of Research, 14(4).

Manyak, P. C., Blachowicz, C. L. Z., & Graves, M. F. (2020). The multifaceted, comprehensive vocabulary instructional program: Quantitative findings from a three-year formative experiment. Literacy Research and Instruction, 60(4), 301– 331. https://doi.org/10.1080/19388071.2020.1822473

McLean, S., Stewart, J., & Batty, A. O. (2020). Predicting L2 reading proficiency with modalities of vocabulary knowledge: A bootstrapping approach. Language Testing, 37(3), 389–412. https://doi.org/10.1177/0265532219898380

Nimer, D. M. A., & Napil, M. C. (2024). The Experiences of Filipino Teachers in Teaching Reading in the New Normal. Asian Journal of Advanced Research and Reports, 18(7), 167-192. https://doi.org/10.9734/ajarr/2024/v18i7693

Novita, D., & Arifmiboy, A. (2023). Students Satisfaction on Scaffolding Strategy by Teacher in Teaching Reading Comprehension. Journal of Educational

Management and Strategy, 2(2), 166-182. https://doi.org/10.57255/jemast.v2i2.287

Odo, D. M. (2021). A meta-analysis of the effect of phonological awareness and/or phonics instruction on word and pseudo-word reading of English as an L2. SAGE Open, 11(4). https://doi.org/10.1177/21582440211059168

Parry, C. R. L., Kumar, S., & Gallingane, C. (2024). Integration of Tablets in Phonological Awareness and Phonics Instruction: A Systematic Review. Journal of Research in Childhood Education, 38(4), 559–576. https://doi.org/10.1080/02568543.2023.2301110

Prasetyo, D. Y. (2024). Unlocking high-frequency word mastery: The application of formative assessment in English vocabulary instruction. Erudita: Journal of English Language Teaching, 5(1). https://doi.org/10.28918/erudita.v5i1.10992

Reynolds, B. L., Wu, W.-H., & Shih, Y.-C. (2020). Which elements matter? Constructing word cards for English vocabulary growth. SAGE Open, 10(2). https://doi.org/10.1177/2158244020919512

Sason, H., Michalsky, T., & Mevarech, Z. (2020). Promoting middle school students' science text comprehension via two self-generated "linking" questioning methods. Frontiers in Psychology, 11, 595745. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2020.595745

Shenoy, S., Iyer, A., & Zahedi, S. (2024). Phonics-based instruction and improvement in foundational reading skills of kindergartners in the Indian schooling context. Early Childhood Education Journal, 52(1), 73-85. https://doi.org/10.1007/s10643-02201396-1

Snow, C. E., & Matthews, T. J. (2016). Reading and language in the early grades. The Future of Children, 26(2), 57–74. 10.1353/foc.2016.0012

Tang, K. N., Hashim, H., & Yunus, M. M. (2021). Collaborative learning strategies and their effects on students' reading proficiency. SAGE Open, 11(4), 1–12. https://doi.org/10.1177/21582440211060823

Thurston, A., Bernal, G. L., Alvarado, L. K. A., Cockerill, M., MacKenzie, A., O'Keeffe, J., ... & Chiang, T. H. (2023). Results from a Phase 2 exploratory trial of Paired Reading in Spanish language in Colombia. International Journal of Educational Research Open, 4, 100244. https://doi.org/10.1016/j.ijedro.2023.100244

Tolibas, M. C. J. (2025). Assessing the reading skills of intermediate graders using the Philippine Informal Reading Inventory (PHIL-IRI): Insights for teachers. https://doi.org/10.54922/IJEHSS.2025.0887

van der Wilt, F., Smits-van der Nat, M., & van der Veen, C. (2022). Shared book reading in early childhood education: Effect of two approaches on children's language competence, story comprehension, and causal reasoning. Journal of Research in Childhood Education, 36(4), 592–610. https://doi.org/10.1080/02568543.2022.2026540

Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.

Wang, S., & Lee, C. I. (2021). Multimedia gloss presentation: Learners' preference and the effects on EFL vocabulary learning and reading comprehension. Frontiers in Psychology, 11, Article 602520. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2020.602520

Wint, M. (2023). The Impact of Literacy Coaching on Instructional Practices and Reading Achievement of K-5 Struggling Readers (Doctoral dissertation, Saint Leo University).

World Bank. (2024, January 11). Explainer: Students' poor literacy – Are all teachers now reading teachers? The Philippine Star. https://www.philstar.com/headlines/2024/01/11/232506

Xin Yuan and Xuan Tang. (2025). The effect of pre-reading morphological intervention on the acquisition and retention of morphologically complex words. System, 131, 103641. https://doi.org/10.1016/j.system.2025.103641

Yan, J., & Cai, Y. (2022). Teachers' Instruction of Reading Strategies and Primary

School Students' Reading Literacy: An Approach of Multilevel Structural Equation Modelling. Reading & Writing Quarterly, 38(2), 139–155. https://doi.org/10.1080/10573569.2021.1923100

Yang, D., & Kim, H. (2020). Examining the use of a word cloud activity in the pre- reading stage of L2 reading comprehension. Foreign Language Education Research, 34(3), 59–92. https://doi.org/10.16933/sfle.2020.34.3.59

**APA Citation:**

Pain, C. M. L., Calisang, C. P., Sullera Jr., F. B.& Fabila, S. D. C. (2026). PAGSUSURI SA EPEKTIBONG PAMAMARAAN SA PAGTUTURO NG PAGBASA SA WIKANG FILIPINO. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(7), 1826–1858. https://doi.org/10.5281/zenodo.21720170

*cherrymae.lingcong@deped.gov.ph*
*calisang.cristina@mdci.edu.ph*
*felipejr.sullera@foundationu.com*
*shemdon.fabila001@deped.gov.ph*